

Ang mga Alituntunin at ang mga Magandang Asal sa Islam

Tagalog



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسلطنة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
هاتف: ٤٢٤٠٠٧٧ فاكس: ٤٢٥١٠٠٥ ص.ب. ٩٢٦٧٥ الرياض ١١٦٦٣ بريد إلكتروني: E-mail : Sultanah22@hotmail.com

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & FOREIGNERS GUIDANCE AT SULTANAH
Tel: 4240077 Fax: 4251005 P.O.Box: 92675 Riyadh: 11663 K.S.A. E-mail: sultanah22@hotmail.com

أحكام وآداب إسلامية

Ang mga Alituntunin at Ang mga Magandang Asal sa Islam

1. Ang Katapatan at Takot kay Allah

Sinabi ni Allah (98:5): “Walang ipinag-utos sa kanila kundi sambahin nila si Allah nang nag-uukol ng katapatan sa Kanya sa pagsamba...”

Sinabi pa Niya (39:14): “Sabihin mo: “Si Allah ay sinasamba ko nang nag-uukol ng katapatan para sa Kanya sa pagsamba.””

Sinabi pa Niya (3:29): “Sabihin mo: “Kung itago man ninyo ang nasa mga dibdib ninyo o ihayag ninyo ito, nalalaman pa rin ito ni Allah....”

Sinabi pa Niya (3:5): “Tunay na kay Allah ay walang maitatago sa Kanya na anuman sa lupa man ni sa langit.”

Ayon sa sinabi ni ‘Umar ibnu al-Khattáb (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: *‘Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa mga layunin at ang bawat tao ay gagantimpalaan lamang ayon sa nilayon niya. Kaya ang sinumang lumikas¹ alang-alang kay Allah at sa Sugo Nito, ang paglikas niya ay para kay Allah at sa Sugo Nito. Ang sinumang lumikas alang-alang sa makamundong bagay upang makamit ito o alang-alang sa isang babae upang mapangasawa ito, ang paglikas niya ay ayon sa layon ng paglikas niya.’*”

¹ Ang paglikas (Hijrah sa wikang Arabe) sa Islam ay ang paglipat mula sa lupain ng mga di-Muslim papunta sa lupain ng mga Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang pinakamapalad sa mga taong tatanggap ng aking Pamamagitan sa araw ng paghuhukom ay ang nagsabi ng Lá Iláha Illalláh (Walang totoong Diyos kundi si Allah) nang tapat mula sa puso niya.”***

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***‘Tunay na si Allah ay hindi tumitingin sa mga anyo ninyo at mga yaman ninyo, subalit tumitingin Siya sa mga puso ninyo at mga gawa ninyo.’***”

Ayon kay Abú Dharr (RA), ayon sa sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): ***“Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroon. Pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na papawi roon. Pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang asal.”***

Ang mga Aral

1. Na ang katapatan o wagas na pag-uukol kay Allah ay isang kundisyon upang matanggap ang mabuting gawa at ang pagpaparami ni Allah ng gantimpala ay nakasalalay rin dito.
2. Na si Allah ay walang pangangailangan sa katambal at hindi Niya tatanggapin ang anuman kung hindi tapat na inukol sa Kanya. Nasasaad sa isang Hadíth Qudsi¹ na si Allah ay nagsasabi: ***“Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya sa Akin sa pag-uukol nito sa iba pa sa Akin, iiwan Ko siya kasama ng kanyang pagtatambal.”***

¹ Ang Hadíth Qudsi o Banal na Hadíth ay ang salita ni Allah sa kahulugan ngunit ipinahayag sa pamamagitan ng pananalita ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Qur’án ay ang salita ni Allah sa kahulugan at sa pananalita.

3. Kailangang magkaroon ng pangingilag na magkasala kay Allah at matakot sa Kanya sa lahat ng sandali yamang walang anumang bagay na nalilingid sa kanya maging sa lupa man o sa langit.

2. Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhíd

Sinabi ni Allah (31:13): "... Tunay na ang Pagtatambal ay talagang mabigat na paglabag sa katarungan."

Sinabi pa Niya (4:48): "Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit patatawarin Niya ang anumang iba pa roon, sa kaninumang loobin Niya. ..."

Sinabi ni Allah (39:65): "Talagang ikinasi na sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talaga namang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalan nga ng kabuluhan ang gawa mo at talagang ikaw ay mapabibilang nga sa mga talunan."

Sinabi ni Allah (51:56): "Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."

Sinabi ni Allah (16:36): "Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo na nagsasabi: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang Diyus-diyusan."..."

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *'Ang sinumang makatagpo si Allah nang hindi niya Ito tinatambalan ng anuman, papasok siya sa Paraiso. Ang sinumang makatagpo si Allah nang tinatambalan niya Ito ng anuman, papasok siya sa Impiyerno.'*"

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *"Pangilagan ninyo ang pitong makapagpapahamak na kasalanan."* Nagsabi sila: *"O Sugo ni Allah, at ano pa naman ang mga ito?"* Sinabi niya: *"Ang pagtatambal kay Allah, ..."*

Ayon sa sinabi ni Mu'ádh ibnu Jabal (RA): "Nang ako noon ay angkas ng Propeta (SAS) sa isang asno ay nagsabi siya: *'O Mu'ádh, nalalaman mo ba kung ano ang karapatan ni Allah sa*

mga tao at kung ano ang karapatan ng mga tao kay Allah? Sinabi ko: ‘Si Allah po at ang SugoNiya ang lalong nakaaalam.’ Nagsabi siya: ***‘Karapatan ni Allah sa mga tao na sambahin nila Siya at hindi nila Siya tambalan ng anuman, at karapatan naman ng mga tao kay Allah na hindi Niya pagdurusahin ang sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman....’***

Ang mga Aral

1. Ang Shirk ay mapanganib at hindi ito mapapatawad kung hindi pagsisihan sapagkat hindi ito katulad ng ibang mga kasalanan na maaaring mapatawad kung loloobin ni Allah.
2. Na ang sinumang mamatay sa kasalanang Shirk, nawalan na ng saysay at kabuluhan ang kanyang gawa. Ang Shirk ay dahilan din ng pananatili ng isang tao sa Impiyerno magpakailan man.
3. Ang kabutihan ng Tawhíd. Ito ang dahilan kung bakit nilikha ang jinni at ang tao. Ito rin ay isa sa pinakamalaking dahilan ng pagpasok sa Paraiso at isang dahilan ng pagkaligtas sa Impiyerno.

3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao at na Ito ay Bahagi ng Shirk

Sinabi ni Allah (107:4-7): ***“Kaya kapighatian sa mga nagdarasal, silang sa pagdarasal nila ay nagpapabaya, silang nagpapakitang-tao at nagkakait ng munting kabaitan.”***

Ayon sa sinabi ni Abu Sa‘íd ibnu Fudálah (RA): ***“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘Kapag tinipon na ni Allah ang mga nauna at mga nahuli (ang lahat ng tao) sa araw ng pagbubuhay, sa araw na walang pag-aalinlangan hinggil doon, may mananawagan na isang tagapanawagan [na magsasabi:] ‘Ang sinumang sa gawa niya ay nagtambal kay Allah ng isa man, hilingin niya roon ang gantimpala niya roon; sapagkat tunay na si Allah sa pagtatambal ay ang napakawalang pangangailangan sa lahat ng mga tinatambalan.’”***

Ayon sa sinabi ni Abu Sa'id Al-Khudri (RA): “Dumating sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) samantalang kami ay nag-uusap tungkol sa Bulaang Kristo. Nagsabi siya (SAS): *‘Hindi ba’t nais ninyong ipagbigay-alam ko sa inyo ang lalong nakatatakot para sa inyo sa tingin ko kaysa sa Bulaang Kristo?’* Nagsabi kami: ‘Opo, Sugo ni Allah.’ Nagsabi siya: *‘Ang Tagong Shirk: na tatayo ang isang tao upang magdasal at pagagandahin niya ang pagdarasal niya dahil nakikita niya ang pagmamasid ng tao sa kanya.’*”

Ang mga Aral

1. Ang pananakot laban sa pagpapakitang-tao at ang mahigpit na pababala laban dito kalakip ang mariing banta laban sa mga nagpapakitang-tao.
2. Na ang tao ay maaaring makagawa ng pagpapakitang tao nang hindi niya namamalayan.
3. Ang gawa ng nagpapakitang-tao ay ibabalik sa kanya at hindi katanggap-tanggap.
4. Ang pangamba ng Propeta (SAS) na ang kanyang mga Kasama ay magkasala ng pagkakasalang pagpapakitang-tao, gayong sila ang pinakamainam na nilikha matapos ang mga propeta, ay nagpapahiwatig kung gaano kapanganib ang pagpapakitang-tao.

4. Ang Panalangin

Sinabi ni Allah (40:60): “Nagsabi ang Panginoon ninyo: **“Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo;...”**

Sinabi pa Niya (2:186): **“Kapag tinanong ka ng mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: “Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin; kaya dinggin nila Ako at sumampalataya sila sa Akin, nang harinawa sila ay magabayan.””**

Sinabi pa Niya (7:55): “Manalangin kayo sa Panginoon ninyo nang may kababaang-loob at palihim. Tunay na hindi Niya iniibig ang mga lumalabag sa hangganan.”

Ayon kay Nu‘man ibnu Bashir (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: “*Ang panalangin ay ang pagsamba.*”

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa; kaya damihan ninyo ang panalangin [habang nakapatirapa].*”

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “*Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay naibigan niya ang mga maikli ngunit malaman na panalangin at iniyawan niya ang iba pa rito.*”

Ayon kay ‘Ubádah ibnu as-Sámit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Walang lingkod na Muslim na nananalangin ng isang panalangin na hindi ibibigay ni Allah sa kanya ang hinihingi niya, o ilalaan ni Allah para sa kanya para sa Kabilang-buhay ang higit na mainam kaysa roon, o hahadlangan Nito sa kanya ang isang masamang bagay na katulad niyon, hangga’t hindi siya nananalangin ng ikapagkakasala o ikapuputol ng ugnayang pagkamag-anak.*”

Ayon pa rin ‘Ubádah ibnu as-Sámit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasabi noon: “*Ang panalangin ng isang Muslim para sa kapatid niya [sa Islam] nang hindi nito nasasaksihan ay didinggin. Sa tabi ng ulo niya ay may isang anghel na nakatalaga. Sa tuwing mananalangin siya ng mabuti para sa kapatid niya, nagsasabi ang nakatalagang anghel ng: ‘Amen; at sumaiyo ang katulad ng ipinanalangin mo.’*”

Ang mga Aral

1. Ang panalangin ay pagsambang hindi ipinahihintulot na ibaling sa iba pa kay Allah. Ang sinumang magbaling nito sa iba pa kay

Allah ay nagtambal kay Allah. Dapat malamang ang panalangin ay may dakilang kalagayan yayamang itinuring ito ng Sugo (SAS) na pagsamba o ang pinakadakilang saligan ng pagsamba.

2. Kaibig-ibig na hinaan ang tinig sa panalangin at kaibig-ibig din na manalangin nang mga maikli ngunit malaman na pangungusap: panalanging puno ng kahulugan sa kakaunting mga salita.

3. Ang babala laban sa panalangin laban sa kanyang sarili o kanyang pag-aari o kanyang anak.

4. Ang pagiging kaibig-ibig na manalangin para sa mga kapatid na Muslim nang hindi nila nasasaksihan.

5. Na kapag nanalangin ang isang tao, hindi nangangahulugang matutupad kaagad ang kanyang hinihiling. Maaaring ilayo sa kanya ang isang masamang bagay na katulad ng ipinanalangin niyang ilayo sa kanya o ang katuparan ng kanyang panalangin ay ilalaan sa kanya para sa Kabilang-buhay at saka ibibigay sa araw na iyon na lalo niyang kailangan.

5. Ang Kaalaman

Sinabi ni Allah (39:9): “...Sabihin mo: “Nagkakapantay ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam?...”

Sinabi pa Niya (58:11): “...itataas ni Allah sa mga antas ang mga sumampalataya mula sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman....”

Sinabi pa Niya (20:114): “... at sabihin mo: “Panginoon ko, dagdagan Mo po ako sa kaalaman.”

Sinabi pa Niya (35:28): “...Tunay na ang natatakot kay Allah mula sa mga lingkod Niya ay ang mga maalam lamang...”

Ayon sa sinabi ni Mu‘awiyah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Ang sinumang ninaisan ni Allah ng kabutihan, ipauunawa Niya rito ang Relihiyon.”*

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Ang sinumang magturo ng isang karunungan ay magkakamit siya ng katulad ng gantimpala ng gumawa ayon dito nang hindi nababawasan ng anuman ang gantimpala ng gumagawa.”*

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Kapag namatay ang anak ni Adam (ang tao), hihinto ang gawain niya maliban sa tatlo: kawanggawa na tuloy-tuloy, o kaalamang napakikinabangan, o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya.”*

Ayon kay Sahl ibnu Sa’d (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“...sumpa man kay Alláh, na patnubayan ni Alláh sa pamamagitan mo ang iisang tao ay higit pang mainam para sa iyo kaysa sa [magmay-ari] ng mga mamahaling kamelyo.”¹*

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr ibni al-Áss (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Iparating ninyo ang tungkol sa akin, kahit isang talata lamang ng Qur’án.”*

Ang mga Aral

1. Inilahad sa mga talata ng Qur’án at mga Hadíth na nabanggit ang kahalagahan ng kaalaman at ng mga may kaalaman, na ang pagkakaroon ng pag-unawa sa Relihiyon ay patunay ng pagnanais ni Allah ng kabutihan sa isang tao, at na ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
2. Ang laki ng gantimpala sa pagtuturo sa mga tao, pagpatnubay sa kanila sa kabutihan, pagpaparating sa kanila ng kaalaman kahit kaunti lamang, at na ito ay nakapagdudulot ng kapakinabangan sa tao kahit patay na siya.

¹ Ito ang itinuturing ng mga Arabe noon na pinakamahal na ari-arian kaya ito ang ihinalimbawa ng Sugo (SAS); hindi ibig sabihing ito na ang pinakamahal.

3. Na ang paghahanap ng karunungan ay mas mainam pa sa mga pagsambang di-kailangang gampanan.
4. Maging masigasig na palakiing matuwid ang mga bata.

6. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (3:110): **“Kayo ay pinakamainam na kalipunan na inilabas para sa mga tao: ipinag-uutos ninyo ang nakabubuti at sinasaway ninyo ang nakasasama, at sumasampalataya kayo kay Allah....”**

Sinabi pa Niya (3:104): **“Magkaroon mula sa inyo ng kalipunan na nag-aanyaya sa mabuti, nag-uutos sa nakabubuti at sumasaway sa nakasasama. Ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay.”**

Ayon sa sinabi ni Abu Sa‘id Al-Khudri (RA): **“Narinig ko ang Sugo ni Allah na nagsabi: ‘Ang sinuman sa inyo na makakita ng nakasasama ay baguhin niya ito sa pamamagitan ng kamay niya. Ngunit kung hindi niya makaya ay sa pamamagitan ng dila niya. Ngunit kung hindi pa rin niya makaya ay sa pamamagitan ng puso niya, ngunit iyan ang pinakamahinang pananampalataya.’”**

Ayon Kay Hudhayfah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): **“Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa mga kamay niya, talagang ipag-utos nga ninyo ang nakabubuti at talagang sawayin nga ninyo ang nakasasama dahil kung hindi ay talagang mapapalapit nga na si Allah ay magpadala na sa inyo ng isang parusang mula sa Kanya, at pagkatapos ay kung mananalangin kayo sa Kanya ay hindi na Niya kayo diringgin.”**

Ayon sa sinabi ni Abu Bakr as-Siddiq (RA): **“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘Tunay na ang mga tao kapag nakakita ng lumalabag sa katarungan at hindi nila**

sinupil ito, halos sama-sama silang papatawan ni Allah na kaparusahang mula sa Kanya.”

Ang mga Aral

1. Ang pag-uutos sa nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama ay isang dahilan ng pananagumpay.
2. Na ang sinumang makakita ng masama, tungkulin niyang baguhin iyon ayon sa kanyang kakayahan.
3. Ang pagtatakwil sa nakasasama sa pamamagitan ng kamay (lakas) ay tungkulin ng sinumang nagtataglay ng kapagyarihan gaya ng ama sa kanyang tahanan, o ng isang pinuno o ng sinumang itinalaga niya upang kumatawan sa kanya.
4. Ang pagtatakwil sa nakasasama ay humihiling na kamuhian at layuan ang nakasasama.
5. Ang pagtalikod sa pag-uutas sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama ay isang dahilan kung bakit nahahadlangang matugon ang panalangin at ito ay isa ring dahilan ng pagpapataw ng kaparusahan mula kay Allah.

7. Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (16:125): “Mag-anyaya ka sa Landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral, at makipagtalo kayo sa kanila sa pamamagitan ng siyang pinakamagaling....”

Sinabi pa Niya (3:159): “At dahil sa awa mula kay Allah, bumanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging mabagsik na matigas ang puso, talagang nagsialisan na sana sila mula sa paligid mo....”

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “*Tunay na si Allah ay mabait at naiibigan Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.*”

Ayon pa rin sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay pinagaganda nito iyon, at kapag inalis ay pinapapangit nito iyon.”*

Ayon sa sinabi ni Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *‘Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan ng lahat ng kabutihan.’*”

Ang mga Aral

1. Ang paghimok sa kabaitan at paggamit ng dunong sa pag-aanyaya sa Islam, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.
2. Ang paggamit ng kabagsikan sa mga tao ay maaaring maging dahilan ng hindi nila pagtanggap sa katotohanan.

8. Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang

Sinabi ni Allah (29:8): *“Tinagubilinan Namin ang tao na sa mga magulang ay gumawa ng magaling;...”*

Sinabi pa Niya (17:23): *“Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi sa Kanya, at na sa mga magulang ay gumawa ng magaling. Kung inabutan nga sa iyong piling ng katandaan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng pabalang na salita at huwag mong bulyawon silang dalawa, datapuwa’t ay magsabi ka sa kanilang dalawa ng marangal na salita.”*

Sinabi pa Niya (31:14): *“Nagtagubilin Kami sa tao na maging mabuti sa mga magulang niya—ipinagdalang-tao siya ng ina niya na nanghina nang nanghina at ang pag-awat sa kanya ay sa loob ng dalawang taon. Magpasalamat ka sa Akin at sa mga magulang mo;...”*

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA): *“Tinanong ko ang Propeta (SAS) kung anong gawain ang pinakamainam.*

Nagsabi siya: *'Ang pagdarasal sa takdang oras nito.'* Nagsabi ako: 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi siya: *'Ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.'* Nagsabi muli ako: 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi muli siya: *'Ang pakikibaka alang-alang sa Landas ni Allah.'*

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allah at nagsabi ito: 'O Sugo ni Allah, sino po sa mga tao ang lalong karapat-dapat sa magandang pakikisama ko? Nagsabi siya (SAS): *'Ang iyong ina.'* Nagsabi ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi muli siya (SAS): *'Ang iyong ina.'* Nagsabi muli ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi muli siya (SAS): *'Ang iyong ina.'* Nagsabi muli ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi siya (SAS): *'Ang iyong ama.'*"

Ang mga Aral

1. Ang pagpaparangal ng Islam sa mga magulang, at ang pag-uutos nito na tumalima sa mga magulang at maging masigasig sa paggawa ng mabuti sa kanila.
2. Na ang pinaka-ibig ni Allah sa lahat ng mga gawain matapos ang pagdarasal sa takdang oras nito ay ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.
3. Ang mariing babala laban sa pagsuway sa mga magulang, laban sa magaspang sa pakikipag-usap sa kanila, at laban sa pagdadabog sa kanila.
4. Ang pagtatalakay sa mataas na kalagayan ng ina: na siya ay uunahin kaysa sa ama sa pagtalima at sa pag-uukol ng kabutihan.

9. Ang Kagandahang Asal

Sinabi ni Allah (68:4): "Tunay na ikaw *Muhammad* ay talagang may dakilang kaasalan."

Sinabi pa Niya (3:159): "At dahil sa awa mula kay Allah, bumanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging mabagsik na

matigas ang puso, talagang nagsialisan na sana sila mula sa paligid mo....”

Ayon kay Abú Dardá’ (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Wala nang bagay na higit pang mabigat sa timbangan ng tao sa araw ng paghuhukom kaysa sa kagandahang asal. Tunay na si Allah ay namumuhi sa mahalay na nagsasalita ng masama.”*

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): “Tinanong ang Sugo (SAS) kung ano ang pinakamadalas na nagpapapasok sa mga tao sa Paraiso kaya nagsabi Siya (SAS): *‘Ang pangingilag sa pagkakasala kay Allah at kagandahang asal.’*”

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamagaling sa kanila sa kaasalan, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa mga may-bahay nila.”*

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: *‘Tunay na ang mananampalataya ay makakaabot sa pamamagitan ng magandang asal niya sa antas ng taong parating nagdarasal at parating nag-aayuno.’*”

Ang mga Aral

1. Ang paglalahad ng kagandahang asal ng Sugo (SAS).
2. Ang kahalagahan at ang mataas na kalagayan ng kagandahang asal, at na ito ay isa dahilan ng pagpasok ng tao sa paraiso at ng pag-angat ng kanyang mga antas. Ang mga gawa ay titimbangin sa araw ng pagtutuuos at ang pinakamabigat na bagay sa timbangan ng isang Muslim ay ang kanyang *taqwá* (pangingilag sa pagkakasala kay Allah) at ang kagandahang asal niya.
3. Ang paghimok ng Islam sa kagandahan sa salita at gawa, at ang pagbibigay-babala nito laban sa kahalayan sa salita at gawa.
4. Ang kahalagahan ng magandang pagsasama ng mag-asawa.

5. Na ang pananampalataya ay nadadagdagan sa pamamagitan ng pagtalima kay Allah at nababawasan sa pagsuway sa Kanya.

10. Ang Kahinahunan at Kabaitan

Sinabi ni Allah (3:159): *“At dahil sa awa mula kay Allah, bumanayad ka sa kanila. Kung ikaw ay naging mabagsik na matigas ang puso, talagang nagsialisan na sana sila mula sa paligid mo....”*

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Tunay na si Allah ay mabait at iniibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay.”*

Ayon sa sinabi ni ibnu ‘Abbás (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS) kay Ashajj Abdulqays (RA): *“Tunay na may taglay kang dalawang katangiang naiibigan ni Allah: ang pagtitimpi at ang kahinahunan.”*

Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay pinagaganda niyon ito, at kapag inalis ay pinapapangit niyon ito.”*

Ayon sa sinabi Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): *“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan siya ng lahat ng kabutihan.’”*

Ang mga Aral

1. Ang pagka-ibig ni Allah sa kabaitan at na ang kabaitan ay isang dahilan ng pagpapalapit ng biyaya.
2. Na ang ilan sa mga ugali ng mga mapupunta sa Paraiso ay ang kaluwagan at ang kabaitan sa pakikitungo sa kapwa.
3. Ang kahalagahan ng kahinahunan at ang babala laban sa galit.

11. Ang Awa

Nagsabi si Allah hinggil sa Kanyang Propetang si Muhammad (SAS) (9:128): *“Talagang may dumating na sa inyo na isang*

Sugo na mula sa mga sarili ninyo, na mabigat sa kanya ang anumang ikapaghihirap ninyo, na masigasig sa kapakanan ninyo, na mahabagin at maawain sa mga mananampalataya.”

Ang sabi naman Niya hinggil sa mga Mananampalataya (48:29): “...mga maaawain sa isa’t isa sa kanila....”

Ayon sa sinabi ni Jarír ibnu ‘Abdulláh (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *‘Hindi kaaawaan ni Allah ang hindi naaawa sa mga tao.’*”

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Narinig ko si Abul Qásim,¹ ang Tapat at ang Pinaniniwalaan, na nagsasabi: *“Walang pinagkakaitan ng awa kundi ang sawing-palad.”*

Ang mga Aral

1. Na ang pagkamaawain ay isa sa mga katangian ng mga mananampalataya.
2. Na ang pagkamaawain sa mga tao ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa awa ni Allah.
3. Ang pagkaalis ng awa sa puso ay tanda ng kasawiang-palad.

12. Ang Pagbabawal sa Kawalang-katarungan

Sinabi ni Allah(40:18): “...Ang mga lumalabag sa katarungan ay mawawalan ng anumang matalik na kaibigan ni tagapamagitang matatalima.”

Ayon kay Abu Dharr (RA), ayon sa isinasalaysay ng Propeta (SAS) si Allah ay nagsabi: *“O mga lingkod Ko, tunay na ipinagbawal Ko sa sarili Ko ang paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan....”*

¹ Isa sa mga taguri ni Propeta Muhammad (SAS).

Ayon kay Jábir (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Pangilagan ninyo ang paglabag sa katarungan sapagkat ang paglabag sa katarungan ay mga kadiliman sa araw ng pagkabuhay na muli...”***

Ayon kay Mu‘ádh ibnu Jabal (RA), batay sa Hadíth hinggil sa pagpapadala sa kanya sa Yemen, na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Pangilagan mo ang panalangin ng isang nagawan ng kawalang-katarungan sapagkat walang hadlang sa pagitan nito (panalangin niya) at ni Allah.”***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang may paglabag sa katarungan na nagawa sa kapwa niya: sa karangalan nito o sa ano pa man, ay humingi siya ng kapatawaran dito bago dumating ang araw na wala nang Dínár ni Dírham. Kung siya ay may matuwid na gawa, kukunin ito sa kanya ayon sa katumbas ng nagawa niyang paglabag sa katarungan. Ngunit kung wala siyang mga mabuting gawa, kukuha mula sa mga masamang gawa ng inapi niya at ipapapasan sa kanya.”***

Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pang-aapi at ang babala laban dito.
2. Ang tindi ng nakalaang parusa sa lumabag sa katarungan sa mundo at sa Kabilang-buhay.
3. Ang panalangin ng isang nagawan ng kawalang-katarungan ay dinidinig laban sa gumawa ng kawalang-katarungan sa kanya.

13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim

Sinabi ni Allah (4:93): ***“Ang sinumang papatay sa isang mananampalataya nang sinasadya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno upang manatili roon; magagalit si Allah, isisumpa siya Nito, at maghahanto Ito para sa kanya ng isang mabigat na pagdurusa.”***

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Ang unang kasalanan na hahatulan sa mga tao sa araw ng pagkabunay ay ang kaugnay sa pagpatay.”***

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Talagang ang paglaho ng mundo ay higit na magaan kay Allah kaysa sa pagpatay sa taong Muslim.”***

Ang mga Aral

1. Ang mariing babala laban sa pagpatay sa isang Muslim at ang pagtatalakay sa bigat ng laki ng kabanalan ng buhay ng isang Muslim para kay Allah.
2. Na ang unang kasalanang hahatulan sa mga tao sa araw ng paghuhukom ay ang mga pagpatay dahil sa bigat ng kasalanan ng paggawa ng mga ito.
3. Na ang ganti sa isang mamamatay-tao ay kamatayan at sa kabilang-buhay ay ang pananatili sa Impiyerno.

14. Ang Karapatan ng Muslim

Sinabi ni Allah (49:10): ***“Ang mga mananampalataya ay magkakapatid lamang;...”***

Ayon sa sinabi ni Abú Músá (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay katulad ng isang gusali—pinatatatag nila ang isa’t isa.”***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Ang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim. Hindi niya pinagtataksilan ito, hindi niya pinagsisinungalingan ito, at hindi niya iniwan ito sa alanganin. Ang lahat ng nasa Muslim ay ipinagbabawal na lapastanganin ng kapwa Muslim: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya. Ang pangingilag sa pagkakasala ay narito [sa puso]. Sapat nang kasamaan para sa isang tao na hamakin niya ang kapwa niya Muslim.”***

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga’t hindi niya iibigin para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya.”*

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Ang sinumang mag-alis sa isang Muslim ng isang kapighatian, mag-aalis si Allah sa kanya ng isang kapighatian mula sa mga kapighatian sa araw ng Pagkabuhay; ang sinuman na magpaginhawa sa isang nahihirapan, pagginhawahin siya ni Allah sa Mundo at sa Kabilang-buhay; ang sinumang magtakip sa isang Muslim, pagtatakan siya ni Allah sa araw ng Pagkabuhay. Si Allah ay handa sa pagtulong sa tao hangga’t ang tao ay handa sa pagtulong sa kapwa niya....”*

Ang mga Aral

1. Ang mananampalataya ay kapatid ng kapwa mananampalataya, maging ito man ay bata o matanda, namumuno o nasasakupan.
2. Ang paghimok sa mga Muslim na magtulungan at alalayan ang lahat ng nangangailangan ng pag-alalay sa anumang walang kinalaman sa pagsuway kay Allah.
3. Ang kabutihan ng pagtulong sa nangangailangan at ang laki ng gantimpalang inilaan don ni Allah.

15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay

Sinabi ni Allah (4:36): *“Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. Sa mga magulang ay gumawa ng magaling, at sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano, kasamahan, dayuhang manlalakbay,...”*

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): *“Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ‘Sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya!’* May nagsabi:

‘Sino po, o Sugo ni Allah?’ Nagsabi Siya (SAS): *‘Ang taong hindi ligtas ang kapit-bahay niya sa mga panliligalig niya.’*”

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay huwag niyang pinsalain ang kapit-bahay niya; ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay parangalan niya ang panauhin niya; at ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsalita ng mabuti o manahimik.”*

Ang mga Aral

1. Ang paghimok at pagbibigay-diin sa paggawa ng mabuti sa mga kapit-bahay at ang hindi paggawa ng kapinsalaan sa kanila.
2. Na bahagi ng kaganapan ng pananampalataya ng isang Muslim ay ang paggawa ng mabuti sa kapit-bahay niya at pagpigil niyang magawan ito ng kapinsalaan kahit ito ay isang di-Muslim.

16. Ang Pagiging Mapanganib ng Dila

Sinabi ni Allah (50:18): *“Wala siyang binibigkas na anumang salita kung hindi mayroon sa tabi niya na isang nakabantay na nakahanda na magtala.”*

Sinabi pa Niya (17:36): *“Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.”*

Ayon sa sinabi ni Músá al-‘Ash‘arí (RA): *“Nagsabi ako: ‘O Sugo ni Allah, alin sa mga Muslim ang pinakamainam?’ Nagsabi siya (SAS): ‘Ang sinumang ligtas ang [kapwa] Muslim sa dila niya at kamay niya.’”*

Ayon sa sinabi ni Sahl ibnu Sa‘d (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Ang sinumang magtiyak sa akin [na hindi gagamitin sa ipinagbabawal] ang nasa pagitan ng bigote’t*

balbas niya (dila), at ang nasa pagitan ng dalawang hita niya (ari), titiyakin ko rin sa kanya ang Paraiso."

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), narinig niyang ang Propeta (SAS) na nagsasabi: *"Tunay na ang tao ay talagang makapagsasalita ng salitang hindi niya muna pinag-isipan ito [kung tama o mali] na matitisod siya sa pamamagitan nito sa Impiyerno na ang lalim ay higit na malayo kaysa sa pagitan ng silangan at kanluran."*

Ang mga Aral

1. Ang panganib ng dila at ang tungkuling pag-ingatan ito, at na ang tao ay maaaring matisod sa Impiyerno dahil sa isang salitang walang ingat niyang sinabi. Ang pagsasalita na hindi ayon sa pagtalima kay Allah ay isa sa mga dahilan ng pagpasok ng tao sa Impiyerno at ang pag-iingat sa pagsasalita ang isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso. Ang pagkakamali ng maraming mga tao ay sanhi ng walang ingat nilang pagbibitaw ng mga salitang walang kabuluhan.
2. Ang tao ay pananagutin sa mga sinabi at mga ginawa niya, at ang pinakamapanganib sa katawan ng tao ay ang dila at ang ari (sex).

17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak

Sinabi ni Allah (49:12): *"...huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. May isa ba sa inyo na iibiging kainin ang laman ng kapatid niya na patay? Kasusuklaman ninyo ito...."*

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *'Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak?'* Nagsabi sila: 'Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam.' Nagsabi siya (SAS): *'Ang pagbanggit mo sa kapwa mo ng hinggil sa anumang kasusuklaman niya [na marinig].'* May nagsabi: 'Ano po naman ang tingin ninyo kung taglay ng kapwa kong iyon ang sinasabi ko?' Nagsabi siya: *'Kung taglay niya ang sinasabi*

mo ay nilibak mo na siya; at kung hindi niya taglay ang sinasabi mo, siniraang-puri mo na siya.

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Nagsabi ako sa Propeta (SAS): ‘Sapat na iyo si Safiyah na ganito at ganoon (Ang ibig niyang sabihin ay pandak si Safiyah.)’ Kaya nagsabi siya (SAS): ***‘Talaga ngang nakapagsabi ka ng isang salitang kung ihinalo sa tubig ng dagat ay talagang nabago sana niyon ito.’***”

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“...Ang lahat ng nasa Muslim: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya ay hindi dapat lapastanganin....”***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“...Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsalita ng mabuti o manahimik.”***

Ayon kay Abú Dardá’ (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang magsanggalang sa karangalan ng kapwa niya, ipagsanggalang ni Allah ang mukha niya sa Apoy sa araw ng Pagkabuhay.”***

Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa panlilibak, na ito ay isa sa mga malalaking kasalanan, at ang pagiging matindi ng parusa sa manlilibak.
2. Ang pagbanggit sa isang tao hinggil sa bagay na kasusuklanan niyang marinig ay isang panlilibak na ipinagbabawal, kahit pa man iyon ay nagtataglay ng katotohanan.
3. Ang tungkuling pagsabihan at pigilan ang nanlilibak sa panlilibak niya, ang pagbabawal sa pakikinig sa panlilibak, at ang kabutihan ng pagsasanggalang sa karangalan ng kapwa Muslim upang ipagsanggalang din ni Allah ang mukha niya sa Apoy sa araw ng Pagkabuhay.
4. Na ang panlilibak ay maaaring sa pamamagitan ng pagsasalita o pagpapahiwatig ng kinasusuklanan ng isang tao.

18. Ang Kabutihan ng Katapatan at ang Paggupula sa Kasinungalingan

Sinabi ni Allah (16:105): “*Tunay na ang gumagawa-gawa ng kasinungalingan ay ang mga hindi sumasampalataya lamang sa mga Tanda ni Allah, at ang mga iyon ay ang mga sinungaling.*”

Sinabi pa Niya (9:119): “*O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga matapat.*”

Sinabi pa Niya (47:21): “*...At kung naging tapat sila kay Allah, talagang ito sana ay naging mabuti para sa kanila.*”

“*...at kung nagpakatotoo lamang sila kay Allah talagang, ito sana ay naging mabuti para sa kanila.*”

Ayon kay Hasan ibnu ‘Alí (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: “*Iwan mo ang nakapag-aalinlangan sa iyo at kunin mo ang hindi nakapag-aalinlangan sa iyo, sapagkat ang katapatan ay kapanatagan at ang kasinungalingan ay pag-aalinlangan.*”

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “*Tunay na ang katapatan ay nauuwi sa kabutihan, at ang kabutihan ay nauuwi sa Paraiso. Ang tao ay talagang nagsasabi ng totoo at nagsisikap na magsabi ng totoo hanggang sa maitala siya kay Allah na isang tapat. Tunay na ang pagsisinungaling ay nauuwi sa kabuktutan at ang kabuktutan ay nauuwi sa Impiyerno. Ang isang tao ay talagang nagsisinungaling at nagsisikap na magsinungaling hanggang sa maitala siya kay Allah na isang mapagsinungaling.*”

Ayon kay ‘Abdúllah ibnu ‘Umar (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: “*May apat [na katangian] na ang sinumang ang mga ito ay nasa kanya na, siya ay naging ganap na mapagkunwari; at ang sinumang ang isang katangian mula sa mga ito ay nasa kanya na, nasa kanya na ang isang katangian mula sa*

pagkukunwari hanggang hindi niya iiwan ito: kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya; kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nangako siya, nagtatalusira¹ siya; at kapag nakipagtalo siya, nagsasalita siya nang mahalay.”

Ang mga Aral

1. Ang babala laban sa pagsisinungaling, na ito ay isa sa mga katangian ng mga mapagkunwari, at ang pagiging matindi ng pagdurusa ng sinumang nagkakalat ng kasinungalingan sa mga tao.
2. Na ito ay nauuwi sa mga pagsuway at na ito ay isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa Impiyerno.
3. Ang pagpatatalakay ng kabutihan ng katapatan at ang paghimok na maging tapat sa lahat ng bagay.
4. Na ang pagsisinungaling ay isa sa mga tanda ng pagkukunwari.

19. Ang Pagsisisi

Sinabi ni Allah (24:31): “...Magsisi kayong lahat kay Allah, o mga Mananampalataya, nang harinawa kayo ay magtatagumpay.”

Sinabi pa Niya (66:8): “O mga sumampalataya, magsisi kayo kay Allah nang tapat na pagsisi;...”

Ayon sa sinabi ni al-Agharr ibnu Yasár Al-Muzani (RA), nagsabi ang Sugo (SAS): “*O mga tao magsisi kayo kay Allah at humingi kayo ng tawad sa Kanya sapagkat tunay na ako nga ay nagsisisi sa kanya isang daang ulit isang araw.*”

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “*Si Allah ay higit pang masaya sa pagsisi ng lingkod*

¹ Sumisira sa pangako

Niya kaysa sa kaninuman sa inyo na natagpuan ang kamelyo¹ niya na naiwala niya sa lupain ng tigang na disyerto.”

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Lahat ng anak ni Adam ay nagkakamali at ang pinakamainam sa mga nagkakamali ay ang mga nagsisisi.”*

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar ibni al-Khattab (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Tunay na si Allah na Makapangyarihan at Maluwalhati ay tumatanggap ng pagsisi ng lingkod Niya hangga’t hindi pa ito naghihingalo.”*

Ayon kay Abu Músa al-Ash‘arí (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Inaabot ni Allah ang kamay Niya sa gabi upang makapagsisi ang nakagawa ng masama sa maghapon at inaabot Niya ang kamay Niya sa maghapon upang makapagsisi ang nakagawa ng masama sa gabi, hangga’t hindi pa sumisikat ang araw sa kanluran² nito.”*

Ang mga Aral

1. Ang tungkuling magsisi kay Allah sa lahat ng oras, maging ano man ang kasalanan at maging gaano man ito kalaki. Ito ay isa rin sa mga dahilan ng tagumpay at kaligtasan ng tao.
2. Ang kahalagahan ng pagsisisi kay Allah, ang lawak ng awa at kagandahang-loob ni Allah at na ikinagagalak Niya ang pagsisi ng isang tao.
3. Na bahagi ng kalikasan ng tao ang pagkakamali, ngunit tungkulin pa rin niyang pagsisihan at ihingi ng kapatawaran ang mga pagkakasala niya.

¹ Na may dalang kanyang pagkain at inumin.

² Ito ay isa sa tanda ng pagsapit ng wakas ng mundo.

Ang mga Kundisyon sa Pagsisisi

A. Na kabilang sa mga kundisyon ng pagsisisi na ito ay bago sumapit ang kamatayan at bago maghingalo.

B. Na ito ay bago sumikat ang araw sa kanluran nito yayamang sa sandaling iyon ay wala nang kabuluhan ang pagsisisi.

C. Na ang sinumang tapat na nagsisi sa kasalanan at pagkatapos ay nagbalik sa kasalanan, ang una niyang pagsisi ay tanggap pa rin subalit mangangailangan siya ng panibagong pagsisi.

D. Ang pagtalikod sa kasalanan, ang pagsisi kung bakit pa nagawa ang mga nagdaang pagsuway kay Allah, at ang pagtitika (matibay na pagpapasya) na hindi na magbabalik sa kasalanan.

20. Ang Pagbati

Sinabi ni Allah (24:27): ***“O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo hanggang hindi kayo humihingi ng pahintulot at bumabati sa mga nakatira roon....”***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Hindi kayo makapapasok sa Paraiso hanggang hindi kayo sumasampalataya at hindi kayo sumasampalataya hanggang hindi kayo nagmamahalan. Hindi ba’t nais ninyong gabayan ko kayo sa isang bagay na kapag ginawa ninyo iyon ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati [ng assalámu ‘alaykum] sa gitna ninyo.”***

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu Salám (RA): ***“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘O mga tao, ipalaganap ninyo ang pagbati [ng assalámu ‘alaykum], magbigay kayo ng pagkain, panatilihin ninyo ang ugnayang pangmag-anak, at magdasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay natutulog, at papasok kayo sa paraiso nang may kapayapaan.”***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag dumating ang sinuman sa inyo sa isang pagtitipon ay bumati siya [ng assalámu ‘alaykum]. Kapag ninais niyang umupo ay umupo siya at pagkatapos kung ninais niyang tumayo [upang lumisan] ay bumati uli siya, sapagkat ang unang pagbati ay hindi higit na mahalaga kaysa sa huling pagbati.”***

Ang mga Aral

1. Ang kabutihan ng Pagbati, na ito ay isang dahilan ng pagmamahalan, na siya namang dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
2. Na minamabuti ang pagbati sa pamamagitan ng ***assálamu ‘alaykum*** sa kapwa mga Muslim na nakikilala at hindi nakikilala, at na ang pagbati ay hindi lamang para sa kakilala.
3. Ang paraan ng pagbati ayon sa Propeta (SAS) ay ang pagsabi ng ***assalámu ‘alaykum*** (ang kapayapaan ay sumainyo). Kung dadagdagan ito ng ***wa raḥmatulláh*** (at ang awa ni Allah), iyon ay lalong mainam. Kung dadagdagan naman ng: ***wa raḥmatulláhi wa barakátuh*** (at ang awa ni Allah at ang Kanyang mga biyaya), iyon ay ang pinakamainam. Tungkuling tugunin ang pagbati ng katulad ng ibinati ngunit minamabuting dadagdagan pa ang pagbati.
4. Kapag sa isang pagtitipon ay magkahalo ang mga Muslim at di-Muslim, maaari rin silang batiin.
5. Ang pagbabawal na maunang bumati ng ***assalámu ‘alaykum*** sa mga Káfir; ngunit kapag bumati sila sa atin, ang ating sasabihin ay ***wa ‘alaykum***.
6. Ang pagiging kananais-nais na magbatian kapag nagkahiwalay ang mga Muslim at pagkatapos ay muling nagkita, kahit pa man nagkahiwalay lamang sa loob ng maikling sandali.
7. Ang pagbabawal na pumasok sa mga pamamahay ng iba nang walang paalam sa mga nakatira rito.

21. Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Kapag kakain ang sinuman sa inyo ng pagkain ay magsabi siya ng bismilláh (Sa ngalan ni Allah). Subalit kung nakalimutan niya sa simula ay magsabi siya, [kapag naalaala] sa bandang huli, ng bismilláhi fí awwalihi wa ákhirih (Sa ngalan ni Allah, sa simula at sa wakas).”*

Ayon sa sinabi ni ‘Umar ibnu Abí Salamah (RA): “Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allah (SAS): *‘Sabihin mo ang bismilláh [bago kumain], kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo, at kanin mo ang [pagkaing] malapit sa iyo.’*”

Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Huwag ngang kumain ang isa man sa inyo sa pamamagitan ng kaliwang kamay at huwag nga ring uminom sa pamamagitan nito sapagkat tunay na ang Demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at umiinom sa pamamagitan nito.”*

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): “Walang pinintasang pagkain ang Sugo ni Allah (SAS). Kung naiibigan niya ito, kakainin niya ito; at kung inaayawan niya ito, iiwan niya ito.”

Ang mga Aral

1. Ang pagiging kanais-nais ng pagsabi ng **bismilláh** kapag kakain, at na ang sinumang makalimot ay magsasabi ng **bismilláh** kapag naalaala ito habang kumakain na. Pagkatapos kumain ay kanais-nais din na magsabi ng: **“Alḥamdu lilláhil ladhí at‘amaní hádhá wa razaqaní min ghayri ḥawlim minní wa lá qúwah”** (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nang wala akong ginamit na lakas ni kapangyarihan.).

2. Ang pagbabawal na kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay sapagkat ang ganito ay pagtutulad sa Demonyo, maliban na lamang kung may makatuwirang dahilan.
3. Na ang Sunnah ay hindi pintasan ang pagkain, sa halip, kung maibigan ay kung hindi naman ay huwag kainin. Gayon pa man, ipinahihintulot ang pagbanggit ng kapintasan ng pagkain kapag ang layunin ay ang pagbibigay-alam.

22. Ang Paggamit ng Palikuran

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “*Ang Propeta noon (SAS), kapag papasok sa palikuran ay nagsasabi muna siya ng alláhumma inní a’údhu bika minal khubthi wal khabá’ith (O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga masama at mga demonyo).*”

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nakalabas na siya sa palikuran ay nagsasabi ng *ghufrának* (Hinihingi ko po ang Iyong kapatawaran).”

Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdulláh (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagbawal sa pag-ihi sa tubig na hindi umaagos.”

Ang mga Aral

1. Ang tungkuling takpan ang ‘Awrah¹ sa harap ng mga tao. Ang pagiging kanais-nais na lumayo at magtago sa mga tao kapag ihi o dudumi. Kailangan ding maging maingat upang hindi humarap o tumalikod sa Qiblah kapag ihi o dudumi sa labas ng palikuran.

¹ Ang ‘Awrah ng lalaking nasa wastong gulang ay ang bahagi ng katawan sa pagitan ng pusod at tuhod. Ang ‘Awrah naman ng babaing nasa wastong gulang ay ang buong katawan. May mga iskolar ng Islam na nagsasabing kasama sa Awrah ng babae ang mukha at kamay kaya dapat ding takpan at mayroon namang nagsasabing hindi kasama ang mukha at kamay kaya hindi kailangang takpan.

2. Kanais-nais para sa isang Muslim na nagnanais na pumasok sa palikuran na magsabi ng *alláhumma inní a'údhu bika minal khubthi wal khabá'ith*. Kanais-nais naman na magsabi ng *ghufrának* kapag nakalabas na.
3. Kailangan ding maging maingat na hindi mabahiran ng ihi o dumi ang kasuutan, at maglinis nang maigi pagkatapos umihi o dumumi, sa pamamagitan ng tubig hanggang maaari.
4. Ang paglalalahad ng pagiging kumpleto ng pananampalatayang Islam yayamang sinasaklawan at nililinaw nito ang lahat ng bagay pati na ang kagandahang asal sa paggamit ng palikuran.

23. Ang Pagbahin at ang Paghikab

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): *“Naiibigan ni Allah ang pagbahin at kinasusuklaman Niya ang paghikab. Kaya kapag bumahin ang sinuman sa inyo at nagsabi ng alḥamdu lilláh (Ang papuri ay ukol kay Allah), tungkulin ng bawat Muslim na nakarinig sa kanya na magsabi sa kanya ng yarḥamukalláh (Kaawaan ka ni Allah). Tungkol naman sa paghihikab, ito ay galing lamang sa Demonyo. Kaya kapag naghikab ang sinuman sa inyo ay pigilin niya iyon sa abot ng makakaya niya, sapagkat kung ang sinuman sa inyo ay naghikab, pinagtatawanan siya ng Demonyo.”*

Ayon pa kay Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Kapag bumahin ang sinuman sa inyo ay magsabi siya ng alḥamdu lilláh, at ang kapatid naman niya o kasama niya [na nakarinig] ay magsasabi ng yarḥamukalláh. Kapag nagsabi na nga ito ng yarḥamukalláh ay magsabi naman siya (ang bumahin) ng yahdikumulláh wa yuslihu bálakum (Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang inyong kalagayan).”*

Ayon sa sinabi ni Abú Músá (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *‘Kapag bumahin ang sinuman sa inyo*

at nagsabi siya ng alhamdu lillah ay magsabi kayo ng yarhamukalláh sa kanya. Kung hindi siya nagsabi ng alhamdu lillah ay huwag din kayong magsabi ng yarhamukalláh.”

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): “Ang Propeta, (SAS) kapag bumahin, ay tinatapkan niya ang mukha niya ng kamay niya o ng damit niya at pinahihina niya sa pamamagitan nito ang tunog niyon.”

Ang mga Aral

1. Ang pagiging kanais-nais ng pagsabi ng *yarhamukalláh* sa isang bumahin kapag nagsabi ito ng *alhamdu lillah* matapos bumahin, kapag narinig ninuman.
2. Kapag hindi siya nagsabi ng *alhamdu lillah* ay huwag din siyang sabihan ng *yarhamukalláh*.
3. Ang pagiging kanais-nais na pigilan o itago ang paghihikab.
4. Ang pagiging kanais-nais na takpan ng kamay ang bibig kapag naghihikab.
5. Ang pagiging kanais-nais na takpan ang mukha ng damit o panyo o kamay kapag bumabahin.
6. Ang kasagwaan ng pagpapalakas ng tunog ng pagbahin o paghihikab.

24. Ang Pag-aalaga ng Aso

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “*Ang sinumang mag-alaga ng aso, maliban pa sa aso [na ipinambabantay] sa alagang hayop o ipinangangaso o [ipinambabantay] sa pataniman, ay may nababawas mula sa gantimpala niya na isang qírá¹ [na gantimpala].*”

¹ Kasinglaki ng bundok. Ang may alagang aso ay nawawalan nito araw-araw.

Ayon muli kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Kapag dumila ang aso sa lalagyan¹ ng sinuman sa inyo ay hugasan ninyo ito nang makapitong ulit at kuskusin² ninyo ito ng lupa sa ikawalong [paglilinis].”*

Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pag-aalaga ng aso maliban na lamang kung ginagamit sa pangangaso o pagbabantay ng mga alagang hayop o ng pataniman.
2. Ang pagpapalayo sa mga aso at ang utos na iwaksi ang mga ito.
3. Ang babala laban sa karumihan ng dinilaan ng aso: huhugasan ito nang makapitong ulit at pagkatapos ay kuskusin ng lupa.

25. Ang Pag-aalaala³ kay Allah

Sinabi ni Allah (62:10): *“...at alalahanin ninyo si Allah nang madalas nang harinawa kayo ay magtagumpay.”*

Sinabi pa Niya (33:41-42): *“O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas na pag-aalaala, at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga at gabi.”*

Ayon kay Abu Músá al-Ash‘arí (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Ang paghahalintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at sa hindi umaalaala sa Panginoon niya ay tulad ng buhay at patay.”*

¹ Plato o kaldero o baso o anumang katulad nito.

² Maaaring gumamit ng sabon sa paghuhugas ng nadilaan ng aso ngunit ang pinakamainam ay kuskusin ng lupa sapagkat natuklasang may mikrobyong galing sa aso na hindi napapatay ng sabon ngunit napapatay ng lupa.

³ O Dhikr sa Arabe: ang pagbanggit ng mga papuri at mga panalangin kay Allah.

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“May dalawang salitang magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ng mga gawa], naiibigan ng Madamayin (Allah): subhanalláhi wa bihamdih, subhanalláhil adhim (Kaluwalhatian kay Allah at papuri sa Kanya; kaluwalhatian kay Allah, ang Dakila).”*

Ayon muli sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *“Na magsabi ako ng subhanállahi wal hamdu lilláh (Kaluwalhatian kay Allah at at ang papuri kay Allah) at lá iláha illalláhu walláhu akbar (Walang tunay na Diyos kundi si Allah) ay higit na ibig ko pa kaysa sa lahat ng bagay na sinisikatan ng araw.”*

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): *“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘Ang pinakamainam na [kataga sa] pag-alaala [kay Allah] ay: lá iláha illalláh (Walang tunay na Diyos kundi si Allah).’”*

26. Ang Kaibigan

Sinabi ni Allah (43:67): **“Ang mga magkakaibigan, sa araw na iyon, ang iba sa kanila ay magiging kaaway ng iba pa, maliban sa mga nangingilag sa pagkakasala.”**

Sinabi pa Niya (25:27-29): **“Banggitin ang araw na kakagat ang lumabag sa katarungan sa mga kamay niya habang nagsasabi: “O kung sana ako ay tumahak kasama ng Sugo sa tamang landas. Ah, kapighatian sa akin! Kung sana ako ay hindi nagturing kay Polano bilang isang kaibigan. Talagang iniligaw nga niya ako palayo sa Paalaala matapos na dumating ito sa akin....”**

Sinabi pa Niya (37:50-57): **“Pagkatapos ay haharap ang iba sa kanila sa iba pa habang nagtatanungan. Sasabihin ng isa sa kanila: “Tunay na ako ay may kasa-kasama noon, na**

nagsasabi, 'Ikaw ba ay talagang kabilang sa mga naniniwala? Kapag namatay ba tayo at tayo ay naging alabok at mga buto na, tunay bang tayo ay talagang mga gagantihan pagkabuhay?' Magsasabi siya: "Kayo ba ay magsisitingin sa baba?" Kaya tumingin siya sa baba at nakita niya iyon na nasa gitna ng Apoy. Magsasabi siya: "Sumpa man kay Allah, kamuntik mo na talagang maipahamak ako; at kung hindi dahil sa biyaya ng Panginoon ko, talagang ako ay kabilang na sana sa mga dinala sa *Impiyerno*."

Nagsabi ang Sugo (SAS): "*Ang isang tao ay nadadala ng paniniwala ng kaibigan niya; kaya tingnan ng sinuman sa inyo ang kinakaibigan niya.*"

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsabi: "*May pitong [uri ng tao na] pasisilungin ni Allah sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim niya:...dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah: nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya;...*"

Ang mga Aral

1. Hindi maiiwasang magkaroon ang bawat isa ng kaibigan kaya dapat na maging masigasig na magkaroon ng matuwid na kaibigan na papatnubay at tutulong sa kabutihan.
2. Na ang kaibigan ay maaaring maging pinakamatindi sa mga kaaway kong siya ang nagtutulak sa mga pagsuway at pagtanggig sumampalataya kay Allah.
3. Ang pag-iingat na makipagkaibigan sa mga Káfir sapagkat sila ay maaaring humadlang sa isang Muslim sa paggawa ng mabuti at pagtalima kay Allah.

27. Ang Pagtitiis

Sinabi ni Allah (3:200): "**O mga sumampalataya, magtiis kayo, humigit kayo sa pagtitiis,...**"

Sinabi pa Niya (2:155): **“Talagang susubukin nga Namin kayo sa pamamagitan ng bagay na tulad ng pangamba, gutom, at kabawasan mula sa mga ari-arian, mga buhay, at mga bunga. Iparating mo ang nakalulugod na balita sa mga nagtitiis,”**

Ayon sa sinabi ni Suhayb (RA): **“Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ‘Kataka-taka ang kalagayan ng mananampalataya. Tunay na ang kalagayan niya ay pawang mabuti. Walang mayroon niyon kundi ang mga mananampalataya. Kapag dinapuan siya ng nakalulugod, nagpapasalamat siya. Iyon ay mabuti para sa kanya. Kapag naman dinapuan siya ng nakalulumbay, nagtitiis siya. Iyan ay mabuti rin para sa kanya.’”**

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): **“Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ‘Si Allah na makapangyarihan at kapita-pitagan ay nagsasabi: ‘Kapag sinubok Ko ang lingkod Ko sa pamamagitan ng [pagbulag sa] dalawang pinakamamahal [na mata] niya at siya naman ay nagtiis, tutumbasan Ko siya, kapalit ng dalawang iyon, ng Paraiso.’”**

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **“Walang dumarating sa isang Muslim na pagod, ni karamdaman, ni pagkabagabag, ni kalungkutan, ni kapinsalaan, ni lumbay, pati na ang tinik na ikinatitinik niya, kung hindi pagtatakpan ni Allah sa pamamagitan niyon ang ilan sa mga pagkakamali niya.”**

Ayon pa rin kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Hindi titigil ang pagsubok sa lalaking mananampalataya o babaeng mananampalataya, sa sarili niya, sa anak niya, at sa pag-aari niya hanggang sa makatagpo niya si Allah nang wala na siyang pagkakamali.”**

Ang mga Aral

1. Ang paghihimok na maging matiisin sa lahat ng mga nangyayari at na mag-ingat na huwag maghinakit sapagkat ito ang dahilan ng pagkawala ng gantimpala bunga ng pagsubok.
2. Na ang isang Muslim ay inaalisan ng mga pagkakasala sa pamamagitan ng mga pagsubok na dumarating sa kanya.
3. Ang pagtitiis sa paggawa ng mga pagtalima kay Allah at ang pagtitiis sa pag-iwas sa mga pagsuway sa Kanya ay kabilang sa mga pinakamainam na uri ng pagtitiis.
4. Kailangang malugod ang isang Muslim sa kapalarang ibinahagi sa kanya ni Allah yayamang si Allah ay Maalam at Marunong at Siya ang lalong nakababatid sa ikabubuti ng Kanyang lingkod.

 **مطبعة النرجس التجارية**
NAFISEH PRINTING PRESS

تلفون : ٢٣١٦٦٥٤ / ٢٣١٦٦٥٣

فاكس : ٢٣١٦٨٦٦ الرياض

Ang mga Nilalaman

Bilang	Pahina
1. Ang Katapatan at Takot kay Allah	5
2. Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhid	7
3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao at na Ito ay Bahagi ng Shirk	8
4. Ang Panalangin	9
5. Ang Kaalaman.....	11
6. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama.....	13
7. Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama.....	14
8. Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang	15
9. Ang Kagandahang Asal.....	16
10. Ang Kahinahunan at Kabaitan	18
11. Ang Awa	18
12. Ang Pagbabawal sa Kawalang-katarungan.....	19
13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim	20
14. Ang Karapatan ng Muslim	21
15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay	22
16. Ang Pagiging Mapanganib ng Dila	23
17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak	24
18. Ang Kabutihan ng Katapatan at ang Pagpupula sa Kasinungalingan.....	26
19. Ang Pagsisisi	27
20. Ang Pagbati	29
21. Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain	31
22. Ang Paggamit ng Palikuran.....	32
23. Ang Pagbahin at ang Paghikab.....	33
24. Ang Pag-aalaga ng Aso	34
25. Ang Pag-aalala kay Allah	35
26. Ang Kaibigan	36
27. Ang Pagtitiis.....	37

بسم الله الرحمن الرحيم

تشرف بإعداد وترجمة هذا الكتاب

شعبة توعية الجاليات في الزلفي

وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

الزلفي ١١٩٣٢ - المنطقة الصناعية - ص.ب: ١٨٢

ت: ٠٦٤٢٢٥٦٥٧ - فاكس: ٤٢٢٤٢٣٤

حساب الطباعة: ١/٦٩٦٠ - الحساب العام: ٣/٦٩٥٩

شركة الراجحي المصرفية - فرع الزلفي

حقوق الطبع محفوظة

لا يسمح بطبع أي من مطبوعاتنا إلا للتوزيع المجاني فقط.
بشرط عدم التصرف في أي شيء عدا شكل الغلاف الخارجي

Ang aklat na ito ay lathalain ng F.G.O.

sa Zulfi 11932 - Saudi Arabia

P.O. Box: 182 - tel: 064225657 - Fax: 4224234

Ipinahihintulot ang paglimbag ng aklat na ito at iba pang lathalain namin upang ipamahagi ng libre sa kondisyon na walang ano mang gagawing pagbabago maliban sa pabalat nito. Ang sino man na magnais na ilimbag ito sa layuning ipagbili ay mangyaring makipag-ugnayan muna sa tanggapan.

أحكام وآداب إسلامية
أعدده وترجمه إلى اللغة الفلبينية
شعبة توعية الجاليات في الزلفي
الطبعة الرابعة: ١٤٢١/٩ هـ.

ح المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥ هـ.
فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر
المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
أحكام وآداب إسلامية
٤٠ ص ؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك : ٥ - ٥ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١- الآداب الإسلامية

٢- الأخلاق الإسلامية

أ- لعنوان

١٥/٠٢٦٨

ديوي ٢١٢

رقم الإيداع: ١٥/٠٢٦٨

ردمك: ٥-٥-٨١٣-٩٩٦٠

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات في الزلفي

أحكام وآداب إسلامية

تجالوج

ردمك ٩٩٦٠-٨١٣-٥-٥



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وقضية الجاليات بسطانة
نحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
E-mail : Sultanah22@hotmail.com ص ب ٩٢٦٧٥ الرياض ١١٦٦٢ بريد إلكتروني
هاتف : ٤٢٤٠٠٧٧ فاكس : ٤٢٥١٠٠٥
THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & FOREIGNERS GUIDANCE AT SULTANAH
Tel: 4240077 Fax: 4251005 P.O.Box: 92675 Riyadh: 11663 K.S.A. E-mail: sultanah22@hotmail.com